# IMBITADO KA

(Part 1: PAMATID-UHAW NA IMBITASYON)

**A Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni: Sis. Mik R. Flores

Hunyo 20, 2026

Kung na-anyayahan tayo sa isang okasyon, pakiramdam natin pinahahalagahan tayo at pinararangalan; kaya naman, excited tayong maghanda para sa event. Tulad din nito, tayo'y may pribilehiyo na tumanggap ng imbitasyon mula kay Jesus: "*Ang nauuhaw ay lumapit sa Akin at uminom*" (John 7:37). Sa mundong walang direksyon ang buhay, iniimbitahan tayo ni Jesus na lumapit sa Kanya. Siya lamang ang makapapatid ng uhaw ng ating puso dahil Siya ang tubig na nagbibigay-buhay na nagbibigay ng spiritual nourishment.




1. **Tagpuan: Pista ng mga Tabernakulo**
   1.1. Ang Pista ng mga Tabernakulo ay pitong araw ng pagdiriwang sa paggunita ng probisyon ng Diyos sa Israel sa ilang (wilderness). Isang mahalagang ritual ang pagbuhos ng tubig sa templo, pagpapa-alala sa mga tao paano sila binigyan ng tubig para mapatid ang uhaw ng mga Israelita.
   1.2. Bagamat nagdiriwang ang mga tao sa panlabas, maraming puso ang nanatiling "spiritually dry." Hinahangad nila ang layunin, kapayapaan, pagpapatawad, pagkakakilanlan, pag-aari, justice, at deliverance.
   1.3. Sa ikawalong araw, may sacred assembly na naka-focus sa worship at prayer. Tumayo si Jesus, at sa malakas na boses ipinahayag sa publiko na Siya ang tubig na buhay na kailangan ng mga kaluluwang uhaw. Binigyan-diin nang malakas Niyang boses ang halaga ng Kanyang mensahe.
2. **Ang imbitasyon: "Lumapit kayo sa Akin at uminom."**
   2.1. Para sa lahat ang invitation ni Jesus – tayong lahat na uhaw spiritually. Ang "pagka-uhaw" ay pagkilala sa pakiramdam natin na parang may kulang o pananabik sa isang bagay na hindi kayang bigyan kasiyahan ng mundo.
   2.2. Iniimbitahan tayo ni Jesus na maniwala at mapuspos ng Banal na Espiritu, ang lubos na papawi sa ating panloob na uhaw.
   2.3. Bukas pa rin ang imbitasyon hanggang ngayon. Kahit sa huling aklat ng Bibliya ay sinasabi ang ganito, *"Lumapit ang sinumang nauuhaw; kumuha ang may ibig ng tubig na nagbibigay-buhay" (John 7:37-38).* Ang dakilang nais ng Diyos ay mabigyan tayo ng ganap at kasiya-siyang buhay.
3. **Ang Katotohanan: Ang lahat ay nauuhaw sa isang bagay.**
   3.1. Lahat tayo ay uhaw spiritually. Madalas nating sinusubukang masiyahan sa iba't ibang paraan – tagumpay, relasyon, kayamanan, etc.
   3.2. Madalas pinapayagan ng Diyos ang panahon ng pagka-uhaw para makilala natin ang matinding pangangailangan sa Kanya.
4. **Ang Pangako ng Paanyaya: Ito ay umaapaw at tuloy-tuloy na tubig na nagbibigay-buhay.**
   4.1. "Dadaloy sa atin ang tubig na nagbibigay buhay mula sa Espiritu Santo" (John 7:38).
   4.2. Ibubuhos sa atin ng Diyos ang pagpapanibago ng buhay at henerasyonal na pagpapala (Isaiah 44:3-4).
   4.3. Hindi tayo kailanman mauubusan at hinding-hindi mauuhaw dahil pupunan ng Diyos ang ating mga pangangailangan" (Isaiah 58:11).
   4.4. Hindi nagbabago ang pagpapakita ni Jesus na ang Kanyang probisyon ay umaapaw.
   - Kasalan sa Cana (John 2:1-11): Ang groom at ang bride ay naubusan ng alak. Ginawang pinakamasarap na alak ni Jesus ang tubig na umaapaw ang supply.
   - Ang Pagpapakain sa 5000 (Matthew 14:13-21): ang batang lalaki ay may 5 tinapay at 2 isda. Pinarami ni Jesus ang mga ito at kumain silang lahat at nabusog.
   - Inihulog ni Pedro ang kanyang lambat (Luke 5:4-6): Magdamag na nagpagod na mangisda sina Pedro at walang nahuli. Gayunpaman, iniutos ni Jesus na ihulog ang lambat; sa dami ng kanilang huli ay halos masira ang mga lambat.
5. **Ating Tugon: Halika at Uminom.**
   5.1. Ang ibig sabihin ng "Halika" ay isuko natin ang ating buhay kay Jesus.
   5.2. Ang "Uminom" ay pagtanggap sa tubig na nagbibigay-buhay - ang presensya ng Holy Spirit sa ating buhay.
   5.3. Ngayon ang oras para tanggapin si Jesus – magtiwala sa Kanya at tanggapin ang Kanyang biyayang nagbibigay-buhay.

**KONKLUSYON:** Tanggapin natin ang imbitasyon ni Jesus; lubusang inumin ang Kanyang biyaya, at patuloy na maranasan ang umaapaw na kasaganaan na Siya lamang ang makapagbibigay.

**PAGNINILAY:** Ano ang kinauuhawan mo sa iyong buhay ngayon? Gaano ka kahanda upang tanggapin ang imbitasyon ni Jesus?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Vera Tuplano
Tags: #Tubig na nagbibigay buhay, #Biyaya,
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1EdaX4XQAD/